## Certificate in Biblical Studies
## Course100 Primeval History

# CBS105 Dalawang Lahi sa Mundo

**Conrad Jun Tolosa**

### *Ang Mamamatay-tao*

Ang kamatayan na dinanas nina Adan at Eba ay bunga ng kanilang sariling kapusukan. Subalit ang pagkamatay ni Abel ay kagagawan ng iba. Ito ay nagmula sa puso ng kanyang kapatid na si Cain. Ang mga negative emotion na naobserbahan natin kina Adan at Eba ay hiya, takot, ang tendency na magtago dahil sa guilt feeling, ang manisi ng iba dahil hindi matanggap ang pagkakamali, at ang tendency na magcontrol ng ibang tao. Ang maoobserbahan naman natin kay Cain ay selos, galit at ang tendency na gumanti na maaaring humantong sa pagpatay ng kapwa-tao.

Sa unang chapter ng Genesis ay matututuhan na ang ibig sabihin ng *Mabuti*. Ito ang nagbibigay kasiyahan sa Diyos. Ang ibig sabihin naman ng *Tama* ay nakapaloob sa payong binigay ng Lord kay Cain nang mapansin Niya na mayroong bumabagabag kay Cain matapos na mag-alay sila ni Abel ng handog. Tinanong ng Diyos si Cain ng ganito: "Bakit ka galit? At bakit lugmok ang iyong mukha? Kung gagawin mo ang tama hindi ka ba tatanggapin? Subalit kung hindi mo gagawin ang tama, ang kasalanan ay nakatanghod sa pintuan ng iyong puso; ang nais nito ay ikaw, subalit dapat mo itong mapagharian." *Genesis 4:6-7*

Hindi binigyang pansin ni Cain ang payo ng Diyos; bagkos ay hinayaan niyang maghari ang galit sa kanyang puso hanggang sa napatay niya ang kanyang kapatid. Makikita natin dito ang pagkawalang tiwala ni Cain sa salita ng Diyos.

Ang mabuti ay ang nagbibigay kasiyahan sa Diyos. Ang masama ay ang nag-uudyok ng Kanyang galit. Ang tama ay yaong sang-ayon sa kalooban ng Diyos. Ang mali ay ang pagsuway sa Kanyang kalooban. Mali ang ginawa nina Eba't Adan nang suwayin nila ang utos ng Diyos. Mali din ang ginawa ni Cain sapagkat hindi niya pinakinggan ang payo ng Diyos; kaya nga nagawa niyang paslangin ang kanyang kapatid.

Ang kaalaman sa kalooban ng Diyos ay napakahalaga. Paano tayo makagagawa ng tama kung hindi natin alam ang dapat paniwalaan. At paano tayo makapaniniwala ng tama kung wala tayong alam tungkol sa pangaral ni Cristo. Si Abel ay naniwala sa hinayag ng Diyos hinggil sa paghahandog at siya ay sumunod. Ngunit si Cain ay naghandog ayon sa kanyang sariling paniniwala at ito'y hindi naging katanggap-tanggap sa Panginoon. Pinayuhan ng Diyos si Cain subalit hindi siya nakinig. Walang pagpapahalaga si Cain sa salita ng Diyos. *Hebrews 11:4*

Dahil sa pinatay niya ang kanyang kapatid, si Cain ay sinumpa rin ng Diyos. Hindi lamang siya pinalayas sa Eden, hindi na rin siya aani nang sagana mula sa lupa tulad nang dati maski ano pang sipag ang kanyang gawin. Para bagang isang mananampalataya na nag-asawa ng hindi Cristiano. Nasira na ang relasyon niya sa Diyos, sigurado pang pagdurusa at pighati ang kanyang haharapin. Dobol trobol.

Hindi pinakinggan ni Cain ang payo ng Diyos. Ang kanyang selos na nauwi sa galit, na nauwi sa ngitngit ay nagwakas sa pagpaslang ng kanyang kapatid. Pinalayas siya sa presensya ng Diyos, isinumpa at siya ay naging palaboy sa mundo. Ganito ang kinauuwian ng mga ayaw makinig sa salita ng Diyos. Samantala, ang mga nananalig sa salita ng Diyos ay nagkakaroon ng daan, sa pamamagitan ni Cristo, patungo sa trono ng Kanyang biyaya kung saan sila ay makalalapit ng mayroong kasiguruhan na makakamtan nila mula sa Diyos ang kahabagan at biyaya sa sandali ng kanilang pangangailangan. Dobol blessing. *Romans 5:1-2; Hebrews 4:6*

***Ang Dalawang Lahi***

Ito ang parusang ipinataw ng Diyos sa ahas: *Dahil sa iyong ginawa, sinumpa ka sa lahat ng hayop mas lalo pa kaysa anumang animal sa lupa; susulong ka sa iyong tiyan, gagapang sa kalupaan. At pag-aawayin Ko kayo ng babae, at pati na ang iyong mga supling at kanyang mga supling. Hahampasin ka niya sa ulo, hahampasin mo siya sa sakong.*

Mayroong dalawang uri ng supling ang mamumuhay sa mundo matapos ang pagkahulog ng tao sa kasalanan: Ang mga supling ng ahas at mga supling ng babae at sila ay palagiang mag-aaway. *Genesis 3:15*

Ipinahayag ng Panginoong Jesus ang kahihinatnan ng dalawang uri ng lahi ng taong maglalakbay sa mundo sa buong panahon. Sila ay haharap sa Kanya sa araw ng paghuhusga na magaganap sa katapusan ng mundo. Hiniwalay Niya ang mga supling ng babae na hinalintulad Niya sa tupa at ang mga supling ng ahas na hinalintulad naman Niya sa kambing. Isinabuod Niya ang naging clase ng pamumuhay na nilakaran ng dalawing lahing ito at ang kaibahan ng buhay ng tupa sa buhay ng kambing. Ang mga tupa ang magmamana ng kaharian ng Diyos at ang mga kambing ang makakasama ng Ahas at ng kanyang mga demonyo sa habang panahon. *Matthew 25:31-46*

Kaya sinabi ni Apostol Pablo ang ganito: Alam ng Panginoon kung sino ang sa Kanya - - ang mga tumawag sa Kanyang pangalan na may pananampalataya. *2 Timothy 2:19*

Mayroong mga passages na taglay ang Bibliya na bagamat maigsi ay punong-puno ng kahalagahan at insight. Isa na rito ang *Genesis 4:23-26*: *Muling pinagkalooban ng Diyos ng anak si Eba bilang kapalit ni Abel na pinaslang ni Cain. Nang panahong iyon, iniwan ni Cain ang kanyang mga magulang at nanirahan siya sa Nod, sa silangan ng Eden.*

Sinasabi sa verse 26 na nang maipanganak na si Enosh kay Seth, nagsimulang tumawag ang tao sa pangalan ng Panginoon. Samantala, ang sinasabi sa *Genesis 4:23* naging mamamatay tao rin ang isang apo ni Cain na nagngangalang Lamech. Samakatuwid, noon pa man ay nagkaroon na ng dalawang uri ng tao sa mundo: lahi ng mga tumatawag sa pangalan ng Diyos at lahi ng mamamatay-tao - - lahi ni Seth at lahi ni Cain.

Dumami ang lahi ni Cain at ang lahi ni Seth. Bago namatay ang palaboy na si Cain, nakapagtatag siya ng isang siyudad. Pansinin natin na ang lahi ni Cain ang nagsimula ng pagpaparami ng alagang hayop. Sila ay mga musicians at toolmakers. Hindi mahirap unawain na ang siyudad ni Cain ay naging progresibo dahil sa angking kakayahan ng mga mamamayan dito. Subalit sa bahaging ito ng Bibliya binigyang pansin na ang violence ay patuloy na lalaganap sa Cain City dahil sa paghihiganti.

Samantala, ang binigyang pansin ng Bibliya ukol sa lahi ni Seth ay ang kanilang pagiging mga unang tunay na mananampalataya, ang kanilang mahabang buhay at ang kanilang patuloy na pagsasaka ng lupa kahit may kahirapan ito. Ang lahing ito ni Seth ang may pakikipagugnayan sa Panginoong Diyos. *Genesis 4:17-5:32*

Sa simula pa lamang, mayroon nang pinupunto ang Bibliya patungkol sa dalawang clase ng pamumuhay (lifestyle) na magkakaroon dito sa mundo: ang urban dwelling at rural living. Ang lahi ni Cain ang nagsimula ng city dwelling. Ang lahi ni Seth ang nagpatuloy sa country living. Nagsusumiksik ang mga tao sa siyudad kung saan naghahari ang pera. Subalit dapat nating pakatandaan na kung saan naghahari ang pera, naroroon din ang kasalanan, kamunduhan at kademonyohan.

***Multiple Choice:***

1. Ano ang implication kay Cain sa sinabi ng Diyos na: *Kung gagawin mo ang tama hindi ka ba tatanggapin?*
    a. Mali ang ginawang paghahandog ni Cain kaya hindi ito tinanggap ng Diyos.
    b. Tama ang ginawang paghahandog ni Abel kasi tinanggap ito ng Diyos.
    c. May tamang paraan ng paghahandog sa Diyos.
    d. All of the above ay tamang statement.

2. Alin ang tamang statement?
    a. Ang pagsasakatuparan ng kalooban ng Diyos ay nakapagbibigay kasiyahan sa Kanya.
    b. Ang pagsasakatuparan ng sariling kalooban ay mabuti at tama.
    c. Makagagawa tayo ng tama kahit wala tayong alam sa Salita ng Diyos.
    d. All of the above

3. Bakit pinatay ni Cain si Abel?
    a. Dahil sa selos.
    b. Nagalit si Cain sa Diyos dahil tinanggihan ang kanyang handog, subalit alam niyang hindi niya kaya ang Diyos kaya si Abel ang napagdiskitahan niya.
    c. Dahil hindi niya na-control ang kanyang galit.
    d. All of the above.

4. Ano ang dalawang uri ng tao na matutunghayan sa Genesis?
    a. Maputi at maitim na tao.
    b. Mga taong tumatawag sa pangalan ng Diyos at mga taong walang pakialam sa Diyos.
    c. Mga taong nanloloko at mga taong naloloko.
    d. Wala sa choices.

5. Ano ang tamang paniniwala tungkol sa pera?
    a. Kailangang marami nito para maging maligaya.
    b. Kapag hinanap mo ito nang buong puso, ito ay iyong matatagpuan.
    c. Hindi kailangang maging mayaman ang tao para lumigaya. Kailangan lang na mayroong siyang pusong makadiyos.
    d. All of the above.

© Revised April 2023 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.